Republic of the Philippines
# House of Representatives
*Batasan Complex, Quezon City*

**Graduation Message**
**Public Elementary Schools**
**Division of Antipolo City**
**Schoolyear 2015 – 2016**

**Theme : *Kabataang Mula sa K to 12 Tagapagdala ng Kaunlaran sa Bansang Pilipinas***

Sa kasalukuyan, bagama't kinikilala ang Pilipinas bilang isa sa pinakamabilis na lumalagong ekonomiya sa Asya, ay nananatiling napag-iiwanan ang kalagayan ng edukasyon sa ating bansa na patuloy na humahadlang sa ating ganap na pag-unlad. Ito ay sa kadahilanang ang ating kasalukuyang sistema ng edukasyon ay nagkukulang sa sapat at kinakailangang diin sa paghahasa ng kamalayan at mga kasanayang paglutas ng mga suliranin at pakikipagtalastasan ng ating mga mag-aaral, at kakulangan sa pagpapalalim ng kanilang pagpapahalaga sa pamumuno, pakikiisa at kaisipang pagnenegosyo.

Bilang pagtugon sa suliraning ito, ang pamahalaan ay naglunsad ng mga reporma sa mga asignaturang nilalaman at siklo ng pag-aaral sa ating batayang edukasyon sa pamamagitan ng *'Basic Education Act of 2013 (RA 10533)'* o ang tinaguriang programa ng *'K to 12'*. Itinatadhana ng programang ito ang pagtataguyod ng pamahalaan ng isang sistema ng batayang edukasyon sa ating bansa na huhubog ng mga produktibo at responsableng mamamayan na nagtataglay ng mga mahahalagang kakayanan, kasanayan at pagpapahalaga para sa mas matalas at malalim na kaisipan at tiyakang paghahanapbuhay.

Danga't maraming sektor ng lipunan kabilang ang mga magulang, guro, mga opisyal ng pamahalaan, samahang sibiko at mismong mga mag-aaral ang nagdududa sa tagumpay ng pagpapatupad ng programa at sa kakayahan ng pamahalaan na ilatag ang mga kinakailangang sangkap nito, naninindigan ang pamahalaan na ganap itong ipatutupad para sa isang maunlad na kinabukasan ng ating bayan. Sa Pambansang Badyet para sa taong 2016, pinakamalaking

**COMMITTEE MEMBERSHIPS:**
Public Order and Safety (Senior Vice-Chairman) ·Appropriations ·
National Defense and Security, Southern Tagalog Development
Natural Resources, Transportation, Information and Communications Technology

**LEGISLATIVE OFFICE:**
Rm 502 South Wing Bldg., House of Representatives,
Batasan Complex, Quezon City, Philippines
·Tel: 931-5001 loc 7280 ·Telefax: (632) 931-6313
·Email: romeoacop@yahoo.com

**DISTRICT OFFICE:**
910 Cristimar Avenue, Cristimar Village,
Brgy. San Roque, Antipolo City
·Tel: 661-3465
·Email: crma_HQ@yahoo.com

pondo ang nakalaan para sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa halagang 437 bilyong piso. Ang 28 bahagdan na karagdagang pondo ng kagawaran ay nakalaan para sa pagpapatupad ng tinaguriang *'senior high school curriculum'* sa ilalim ng programang *'K to 12'* na magsisimula sa susunod na pasukan sa paaralan.

Kayo, bilang mga magsisipagtapos sa elementarya sa kasalukuyang taong pang-akademiko, ay mapalad na mapagkakalooban ng pribilehiyong mapasailalim sa unang yugto ng pagsasakatuparan ng programang *'K to 12'*. Sa inyo ibinibigay ang pagkakataong payabungin ang inyong kakayahang makipagtagisan ng galing sa buong mundo, paigtingin ang inyong mga kagalingan ayon sa pandaigdigang antas ng kalidad, at magtaglay ng mga kasanayan at kaalamang hinihingi ng inyong napiling propesyon sa hinaharap.

Sa ganitong pangarap ko kayo taos-pusong binabati kalakip ang aking panalangin na nawa'y sa tamang panahon, kayo ay magtataglay ng kapangyarihan at kakayahan na maging kaakibat ng ating mga mamamayan sa gawaing pagbubuo ng isang maunlad at matatag na bansa.

Maligayang pagtatapos!

**KGG. ROMEO M. ACOP**
**Kinatawan**
**Ikalawang Distrito**
**Lunsod ng Antipolo**

**COMMITTEE MEMBERSHIPS:**
Public Order and Safety (Senior Vice-Chairman) ·Appropriations ·
National Defense and Security, Southern Tagalog Development
Natural Resources, Transportation, Information and Communications Technology

**LEGISLATIVE OFFICE:**
Rm 502 South Wing Bldg., House of Representatives,
Batasan Complex, Quezon City, Philippines
·Tel: 931-5001 loc 7280 ·Telefax: (632) 931-6313
·Email: romeoacop@yahoo.com

**DISTRICT OFFICE:**
910 Cristimar Avenue, Cristimar Village,
Brgy. San Roque, Antipolo City
·Tel: 661-3465
·Email: crma_HQ@yahoo.com